

1. Tungkol sa Pang Labing-Isang Utamaro Festival

Mula ika-15 hanggang ika-23 ng Oktubre ay gaganapin ang panglabing-isang Utamaro Festival sa kahabaan ng downtown ng Tochigi City na kung tawagin ay Kura no Machi. Ang Utamaro Festival ay isang pagdiriwang na may kinalalaman kay Utamaro Kitagawa isang Ukiyoe artist na nauugnay naman sa lungsod ng Tochigi. Sa panahon ng pagdiriwang ay gaganapin ang mga eksibisyon at iba pang events tungkol kay Utamaro at ng Tochigi City. Ang pangunahing kaganapan ng Utamaro Festival ay ang Utamaro Dochu sa ika-15 ng Oktubre na kung saan ang mga naggagandahang “Orian” ay lalantad sa entablado.

Sa pagsasabuhay sa mundong gustong ilarawan ni Utamaro noong panahon ng Edo period ay magkakaroon ng parada ng mga kalahok na pinili upang gumanap bilang “Oiran” at iba pang mga papel. Ang parada ay mag-uumpisa sa harap ng Kauemon Cho Guidance Center hanggang sa kabuuan ng Kauemon Cho.,

Ang pagdiriwang ay binago at pinaiksi ang oras bilang hakbang upang makaiwas sa pagkakahawa sa Covid19. Ang lahat ng mga dadalo sa pagdiriwang na ito ay pinaalalahanang magsuot ng facemask, magdisimpekta ng mga kamay at huwag makipag-siksikan.

2. Kung May Sintomas ng Covid19.

Kung may mga sintomas nang nararamdaman sa katawan na nagbibigay hinala na mayroong impeksyon na dala ng Covid19 ay makipag-ugnayan na kaagad sa pinupuntahang doktor, hospital, mga klinikang tumatanggap ng outpatients na may lagnat, sa prefectural o city consultation centers para sa Covid19 o sa Public Health Center o Hokenjo kung tawagin.

Kung nagpositibo sa Covid19, ang pagamutan o Public Health Center kung saan nasuri ay magpapadala ng message o tatawag sa ibinigay na numero ng telepono upang ibigay ang impormasyon tungkol sariling medical treatment.

Ang lugar kung saan maaaring magpapagaling ng karamdaman ay naayon sa sitwasyon ng bawat indibidwal. Kung hindi na kailangan ang inpatient ay maaari na lamang magpalipas ng magdamag ang isang pasyente sa isang itinalagang pasilidad o sa bahay na lamang magpagaling.

Sa panahong ng pagpapagaling, ang kalusugan ng pasyente ay sinusubaybayan sa araw-araw sa pamamagitan ng pagkuha ng temperatura at oxygen saturation ng katawan. Hindi kailanman maaaring lumabas ng bahay.

Kung nais magkaroon ng Medical Certificate ay maaaring makuha ito sa pamamagitan ng electronic version management system na kung tawagin ay My-Her-Sys. Ang maaari lamang bigyan nito ay ang mga sumailalim sa PCR o Antigen Test ng isang doktor at napatunayang nagpositibo sa Covid19.

Para sa mga hindi maka-access sa My-Her-Sys ay bibigyan sila ng Medical Certificate ng Health Center (Hokenjo). Mangyaring tumawag lamang sa tanggapan ng Hokenjo.

3. Tungkol sa Japanese Class ng Tochigi City International Community.

Ang Tochigi City International Community ay nagbibigay ng Japanese Language Class kasama na rito ang Japanese Language Class sa Ohira Machi tuwing Sabado sa Ohira Community Center ganundin sa Fifth District Community Center o ang Daigo Kouminkan tuwing Linggo. Maliban sa mga ito ay may bago na namang uumpisang klase sa Nobyembre ang iaalok ng Tochigi City International Community (TIC) para sa lahat.

Ang bagong klase ay gagawin tuwing Miyerkules sa ganap ng alas 10:00 hanggang alas 11:30 ng umaga sa Kyokuto Tochigi Kura no Machi Rakushukan. Dito ay matututuhan ang ibat-ibang ekspresyon at karaniwang pakikipag-usap sa wikang hapon upang magamit sa trabaho at pang-araw-araw na pamumuhay sa Japan. Bilang karagdagan, sa Nobyembre inaasahan din ang pag-uumpisa ng “Zero Beginner’s Class” para sa lubusan na wala pang alam sa wikang hapon at baguhan lamang sa Japan na hindi alam ang Hiragana at Katakana. Sa mga nais lumahok sa Japanese Class ng Tochigi City International Community ay hinihiling munang makipag-ugnayan a tumawag sa numero 0282-25-3792.